### Prepasyo sa Araw-Araw

**Vere dignum** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: per Christum Dominum nostrum.

Per quem maieſtátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Poteſtátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et noſtras voces ut admítti iúbeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

**Tunay ngang marapat** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan: sa pamamagitan ni Cristo naming Panginoon.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Ang mga hukbo ng langit at ang mga Virtud at ang mga pinagpalang Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

### Antipona sa Komunyon • *Ps 20:6*

**Magna** est glória eius in salutári tuo: glóriam et magnum decórem ímpones super eum, Dómine.

**Dakila** ang kanyang kaluwalhatian sa kinamtan Mong tagumpay! Ipinagkaloob mo sa kanya, O Poong Maykapal, ang karangalan at kamahalan!

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Beáti** Ioánnis Baptístæ nos, Dómine, præclára comitétur orátio: et, quem ventúrum esse prædíxit, poscat nobis fore placátum, Dóminum nostrum Iesum Christum, Fílium tuum: Qui tecum vivit et regnat.

**Pakundangan** sa mabisang pamamagitan ni San Juan Bautista para sa amin, O Panginoon, nawa'y umalalay sa amin, at maki-usap sa harapan ng aming Panginoong Jesucristong iyong Anak, na Siyang inihulang paparito, upang kahabagan kaming makasalanan: Na nabubuhay at naghahari kasama Mo at ng Espiritu Santo...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Hunyo 23*

# VIGILIA PARA SA PISTA NG KAPANGAKAN NI SAN JUAN BAUTISTA

*Misa "Ne timeas"*
*II cl. • Simple • Lila o Morado*

### Pambungad na Antipona • *Lc 1:13, 15, 14*

**Ne** tímeas, Zacharía, exaudíta est orátio tua: et Elísabeth uxor tua páriet tibi fílium, et vocábis nomen eius Ioánnem: et erit magnus coram Dómino: et Spíritu Sancto replébitur adhuc ex útero matris suæ: et multi in nativitáte eius gaudébunt. — *Ps 20:2* Dómine, in virtúte tua lætábitur rex: et super salutáre tuum exsultábit veheménter. *V.* Gloria Patri. Ne timeas.

**Huwag** kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang iyong panalangin. Ang iyong asawang si Elizabeth ay magkakaanak ng isang lalaki, at Juan ang ipapangalan mo sa bata. Siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon, at sa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina ay mapupuspos na siya ng Espiritu Santo. Marami ang magagalak sa kanyang pagsilang. — *Salmo 20:2* Natutuwa ang hari, O Poon, dahil sa bigay mong lakas, dahil sa iyong tulong siya ay lubusang nagagalak. *V.* Luwalhati sa Ama. — Huwag kang matakot...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Præsta,** quǽsumus, omnípotens Deus: ut família tua per viam salútis incédat; et, beáti Ioánnis Præcursóris hortaménta sectándo ad eum, quem prædíxit, secúra pervéniat, Dóminum nostrum Iesum Christum, Fílium tuum: Qui tecum vivit et regnat.

**Isinasamo** namin sa iyo, O Dios na makapangyarihan, upang ang iyong angkan ay lumakad sa landas ng kaligtasan pakundangan sa kanilang pagtalima sa mga ipinangaral ni San Juan Bautista, nang sa gayo'y ligtas silang makarating sa piling nitong kaniyang inihulang darating, ang aming Panginoong Jesucristo na iyong Anak: Na nabubuhay at naghahari kasama Mo at ng Espiritu Santo...

*Sa Misa ngayong araw, idagragdag ang ika-2 panalangin, "*Parangal kay Santa Mariang Virgen.*", at ika-3 panalangin, "*Laban sa Mga Kaaway ng Simbahan*" o 'di kaya'y "*Para sa Santo Papa.*"*

**Pagbasa** • *Jer 1:4-10*

Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Jeremias.

**Noong mga araw na yaon:** Ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin na sinasabi, "Bago ka pa ipinaglihi at ipanganak ay pinili na kita upang maging propeta para sa lahat ng bansa." Ang sagot ko naman, "O Panginoong Dios, hindi po ako magaling na tagapagsalita; bata pa po ako." Subalit ang sabi niya sa akin, "Huwag mong sabihing bata ka pa. Pumunta ka sa mga taong sasabihin ko sa iyo. Ipahayag mo sa lahat ang aking sasabihin sa iyo. Huwag kang matakot sa kanila sapagkat ako'y kasama mo at iingatan kita. Akong ang Panginoong Dios ang nagsasabi nito." Pagkatapos, iniunat ng Panginoong Dios ang kanyang kamay, hinipo ang aking mga labi, at sinabi, "Ngayon ay ibinigay ko na sa iyo ang mga mensaheng dapat mong sabihin. Ibinibigay ko rin ngayon sa iyo ang kapangyarihang mangaral sa mga bansa at kaharian, upang sila'y bunutin at ibagsak, wasakin at itapon, itayo at itanim."— *R.* **Salamat sa Dios.**

**Paningit na Awit (Gradual)** • *Jn 1:6-7*

| | |
|---|---|
| **Fuit** homo missus a Deo, cui nomen erat Ioánnes.<br>*V.* Hic venit, ut testimónium perhibéret de lúmine, paráre Dómino plebem perféctam. | **Kaya't** isinugo ng Dios ang isang tao na nagngangalang Juan.<br>*V.* Naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw at upang maihanda sa Poon ang isang bayang ganap. |

**Ebanghelyo** • *Lc 1:5-17*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**Noong panahong** si Herodes ang hari ng Judea, may isang paring Judio na kabilang sa pangkat ni Abias na ang pangala'y Zacarias. Ang kanyang asawang si Elizabeth ay mula naman sa angkan ni Aaron. Kapwa sila kalugud-lugod sa paningin ng Diyos at namumuhay nang tapat sa mga utos at tuntunin ng Panginoon. Wala silang anak dahil baog si Elizabeth at kapwa sila matanda na. Isang araw, nanunungkulan ang pangkat na kinabibilangan ni Zacarias at ginagampanan niya ang kanyang tungkulin sa harapan ng Diyos bilang isang pari. Nang sila'y magpalabunutan, ayon sa kaugalian ng mga paring Judio, siya ang napiling magsunog ng insenso. Pumasok siya sa Templo ng Panginoon sa oras ng pagsusunog ng insenso, habang nagkakatipon naman sa labas ang mga tao at nananalangin. Nagpakita sa kanya doon ang isang anghel ng Panginoon na nakatayo sa gawing kanan ng altar na sunugan ng insenso. Nasindak si Zacarias at natakot nang makita niya ito. Ngunit sinabi ng anghel sa kanya, "Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang iyong panalangin. Ang iyong asawang si Elizabeth ay magkakaanak ng isang lalaki, at Juan ang ipapangalan mo sa bata. Ikaw ay matutuwa at magiging maligaya. Marami ang magagalak sa kanyang pagsilang sapagkat siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon. Hindi siya dapat uminom ng alak o anumang inuming nakakalasing. Sa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina ay mapupuspos na siya ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan niya'y maraming Israelita ang magbabalik-loob sa kanilang Panginoong Diyos. Mauuna siya sa Panginoon na taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias upang pagkasunduin ang mga ama at ang kanilang mga anak, at panumbalikin ang mga suwail sa karunungan ng mga matuwid. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon."

— *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

**Antipona sa Pag-aalay** • *Ps 6:8-7*

| | |
|---|---|
| **Gloria** et honóre coronásti eum : et constituísti eum super ópera mánuum tuárum, Dómine. | **Kapurihan** at karununga'y ipinutong sa kaniya: at siya'y aking itinalaga sa lahat ng gawa ng kamay ng Poong Maykapal. |

**Panalangin Ukol sa mga Alay**

| | |
|---|---|
| **Múnera,** Dómine, obláta sanctífica: et, intercedénte beáto Ioánne Baptista, nos per hæc a peccatórum nostrórum máculis emúnda. Per Dóminum. | **Pabanalin** mo nawa, O Panginoon, itong aming mga iniaalay sa Iyo, at pakundangan kay San Juan Bautista at sa bisa ng mga nakahain sa dambanang ito, pakalinisin mo po kami sa lahat ng aming mga kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin... |